A MGA SINULAT NA PROPESIYA:

❖ **SAAN AT BAKIT SILA SINULAT??**

— Si Moises ang unang tao na kinasihan ng Dios na magsulat ng Biblia. Sa disyerto ng Midian, sinulat nya ang Job at Genesis. Sa panahon ng Exodus, natanggap nya ang mabilis na utos upang isulat ang mga pangyayari (Exodo 17:14).

— Ang ilang mga propeta na nakatanggap ng utos na magsulatng aklat ay Isaias (Isaias 30:8); Jeremias (Jeremias 36:2); Habakkuk (Habakkuk 2:2); at Juan (Apocalipsis 1:11).

— Ang mga nagsulat ng Biblia ay nasa iba't-ibang kalagayan:

☐ Inusig gaya ni David
☐ Nasa palasyo gaya ni Solomon
☐ Nasa ibang bansa gaya ni Daniel
☐ Nasa kulungan gaya ni Pablo
☐ Na-exile gaya ni Juan

— Pinili ng Dios ang mga tao at ang mensahe na itatala nila na may intensyong walang mawawala sa kung ano ang nais Nyang ipahayag sa atin tungkol sa kaligtasan (2 Tim. 3:15).

❖ **SA ANONG ISTILO SILA ISINULAT?**

— Naisulat sa loob ng mahigit 1,500 taon ng mahigit sa 40 mga sumulat, naglalaman ang Biblia iba't-ibang mga klase ng istilo. Kabilang dito ang: Tala ng kasaysayan (Gen. 37:2); Talaangkan (Gen. 5:1); propesiya (Isa. 13:1); pahayag ng mga pangitain (Apoc. 12:1); tula (karamihan sa Isaias); mga awit (Awit ni Solomon 1:1); mga pagkakapareho (Isa. 17:7); parabula (Lucas 18:1); at mga liham (2 Tess. 3:17).

— Hindi binigyan ng Bilia ng pagkakaiba ang otoridad ng iba't-ibang estilo. Lahat sila ay kapakipakinabang sa paglalahad ng banal na kaisipan, dahil mas malinaw ang pag-unawa ng bawat tao sa isang istilo kaysa sa isa pa.

— Nilinaw din ni Pedro na ang mga sulat sa Bagong Tipan ay may parehong otoridad sa Lumang Tipan (2P. 3:15-16).

B PAGGAMIT NG SEKRETARYA AT IBA PANG MATERYAL:

❖ **BAKIT GUMAMIT NG MGA KATULONG SA PAGSULAT?**

— Si Jeremias ay isang pari at, dahil dito, marunong sya magbasa at magsulat. Gayunpaman, gumamit sya ng asistant—si Baruc—upang sumulat ng mga ipinapasulat ng Dios sa kanya (Jer. 36:1-4). Bagaman inutusan ng Dios, ito ay hindi nauunawaan sa kanyang panahon (Jer. 43:2-3).

— Si Pablo, na bihasa sa Griego, ay gumamit ng mga assistant upang magsulat ng kanyang mga liham (Rom. 16:22). Upang maiwasan na magsulat ang iba sa kanyang pangalan na walang pahintulot, kinailangan nyang pirmahan ang mga dinidikta nya (2 Tess. 3:17).

— Sinulat ni Pedro ang kanyang mga sulat sa magandang istilo ng Griyego, isang mahirap ipatungkol sa isang mangingisda na nagsasalita ng Aramaic. Ang nakatulong sa kanya na ipahayag ang kanyang mensahe ng eksakto sa linguaheng hindi nya kabisado ay ang paggamit nya ng asistant. Ngunit ang pagpili ng pinakamainam na salita ng mga assistant upang ipahayag ang mga ideya ni Pedro ay hindi nagpapababa sa anumang paraan ng banal na pagkasi sa kanyang mga sulat.

❖ **ANONG IBA PANG MATERIAL ANG GINAMIT NG MGA PROPETA?**

— Gumamit si Ezra ng mga tala ng kasaysayan at komopya ng mga utos at mga sulat mula sa mga hari ng Persia sa pagsulat ng mga aklat ng Cronica at Ezra. Si Nehemias, sa kanyang bahagi, ay komopya ng talaangkan mula sa isang aklat na nakasulat na.

— Dahil hindi nakita mismo ni Lucas ang mga pangyayaring kanyang isinulat, isinulat nya ang kanyang balita at bahagi ng aklat ng mga Gawa basi sa tala ng kasaysayan at interview sa mga nakakita mismo ng mga pangyayari (Lk. 1:3).

— Sumipi si Pablo kay Epimenides at Aratus, mga pangunahing manunulat na mga Griego (Gawa 17:28; Tito 1:12). Si Judas naman, ay sumipi mula sa hindi-canonical na aklat na naglalaman ng mga hula ni Enoc (Judas 1:14).

— Lahat sila ay ginabayan ng Banal na Espiritu sa paggamit ng ibang materyal. Alam nila na tumutukoy sila sa katotohanan at, kaya, nagbibigay ng nais ng Dios ipahayag.

C PAGKATAO NA HINALOAN NG MENSAHE:

❖ **MGA DEPEKTO SA BIBLIA?**

— Pinili ng Dios na gumamit ng mga hindi perpektong tao—"sisidlang-lupa"—upang magdala ng Kanyang mensahe (2 Corinto 4:7). Paano nakaapekto sa mensahe itong mga depekto? 100% ba na mapagkakatiwalaan ang Biblia?

— <u>*Archaic na mga salita.*</u> Mga salita sa Hebreo, Aramaic, o Griego na hindi natin alam ang kahulugan, o ginamit sa panahon ng mga propeta na may ibang kahulugan.

☐ *Halimbawa: Gopher (גֹּפֶר) (Gen. 6:14); Selah (סֶלָה) (ginamit sa maraming mga awit*)

— <u>*Mga pagkakamali ng mga komopya*</u>. Sa pagkopya ng mga tekto, o pagsulat mula sa pagdikta, maaaring magkamali ang tagasulat (madalas sa Bagong Tipan).

☐ *Halimbawa: ang "Johannine Comma" (1 Juan 5:7-8). Ito ay komento ng tagakopya na kalaunay isinama na sa talata ng ibang tagakopya*.

— <u>*Mga pagkakamali ng mismong mga tagasulat*</u>. Sa pagsipi ng talata mula sa alaala, o pag-alala sa mga pangyayaring hindi nila nakita, ang mga may akda sa Biblia ay maaaring magkamali ng konte o hindi mahalagang pagkakamali.

☐ *Halimbawa: ang sipi ni Mateo na binanggit nyang si Zacarias, ay pinatay ni Joas, "anak ni Berechiah" (na syang may akda ng aklat na Zaccarias*) (Mt. 23:35; see Lk. 11:51; 2Ch. 24:22)

— <u>*Mga mali ng tagapagsalin*</u>. Mga tagapagsalin ng Biblia, lalo na ang mga sumasalin ng modernong wika, ay maaring maapektuhan ng kanyang sariling ideya.

☐ *Halimbawa: Ilang modernong bersyon (MSG, NMB) isinalin ang talatang tumutukoy sa Araw ng Panginoon (Apoc. 1:10) na "Linggo," kahit na ginamit itong kataga matapos mamatay ang apostol*.

APPENDIX: INFALLIBILITY OF THE WRITINGS OF ELLEN G. WHITE

When God commanded Ellen to write her messages, she responded, "I can't write." But God strengthened her, and she began to write. Over time, she used writing assistants who corrected her spelling mistakes and improved the phrasing of some sentences.

They never altered the meaning of the message, nor did they add anything of their own. The final texts were always reviewed by Ellen.

Regarding her infallibility as a prophet, Ellen declared: "Concerning infallibility, I never claimed to have it. Only God is infallible" (Selected Messages, vol. 1, p. 42).

Regarding the infallibility of her writings, she herself wrote: "There are times when common things must be stated, common thoughts must occupy the mind, common letters must be written, and information that has been passed from one worker to another must be given. Such words, such information, are not given under the special inspiration of the Spirit of God" (Selected Messages, vol. 3, p. 64).